Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

FILE COPY
DATE: 6-2

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-26 NG MAYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO........................................ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr.............................................. Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar............................................. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............................................. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.................................................. Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon................................................. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas................................................ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca................................................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............................................. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor............................................ Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.................... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 117 T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (4-COCK DERBY) SA IKA-2 NG HUNYO, TAONG ITO SA SANTA CRUZ COCKPIT ARENA.

SAPAGKA'T, may kahilingan si G. Olan Pascual ng bayang ito na makapagdaos ng pasabong (4-Cock Derby) sa ika-2 ng Hunyo, taong ito sa Santa Cruz, Cockpit Arena;

SAPAGKA'T, ang naturang pasabong ay hindi sumisinsay sa mga batas at regulasyon ukol sa pasabong;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay matalakay sa Sangguniang ito at malaman na ang bahagi ng kikitain ay iuukol sa programa ukol sa kalinisan at kaluntian ng bayang ito ay ipinasya ng Lupon sa Libangan ng Sangguniang Bayan na irekomendang pagtibayin ito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. De Leon, Jeffrey A. Villaseñor at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin na makapagdaos ng pasabong (4-Cock Derby) sa ika-2 ng Hunyo, taong ito sa Santa Cruz Cockpit Arena.

INIUUTOS: Na padalahan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pinuno ng Pulisya at License Officer, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan